# Pagninilay mula sa Aklat ng Ruth Yugto 4

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito na ating nasimulang mula sa aklat ng Ruth tungkol sa pamilya ni Elimelech. Sa naunang mensahe natalakay natin kung paanong ibinigiy ni Noemi ang kanyang mensahe sa kanyang dalawang manugang na babae at kung paanong nanatili si Ruth sa kanya ngunit si Orpa ay nilisin siya. Si Noemi at Ruth ay inilagay ang kanilang pag-asa sa Diyos habang inilagay nila ang kanilang paglalakbay pabalik sa Bethlehem. Ating basahin ang kabanata dalawa sa akalt ng Ruth.

"***1 At si Noemi ay may kamaganak ng kaniyang asawa, isang mayamang makapangyarihan, sa angkan ni Elimelech; at ang pangalan niya'y Booz. 2At sinabi ni Ruth na Moabita kay Noemi, Paparoonin mo ako ngayon sa bukid, at mamulot ng mga uhay sa likuran niyaong aking kasumpungan ng biyaya sa paningin. At sinabi niya sa kaniya, Yumaon ka, anak ko. 3At siya'y yumaon at naparoon, at namulot sa bukid sa likuran ng mga mangaani: at nagkataong dumating sa bahagi ng lupa na nauukol kay Booz, na sa angkan ni Elimelech. 4At, narito, si Booz ay nanggaling sa Bethlehem, at nagsabi sa mga mangaani, Ang Panginoo'y sumainyo nawa. At sila'y sumagot sa kaniya, Pagpalain ka nawa ng Panginoon. 5Nang magkagayo'y sinabi ni Booz sa kaniyang lingkod na kaniyang katiwala sa mga mangaani, Sinong babae ito? 6At ang lingkod na katiwala sa mga mangaani ay sumagot at nagsabi, Siya'y babaing Moabita na bumalik na kasama ni Noemi na mula sa lupain ng Moab: 7At kaniyang sinabi, Isinasamo ko sa iyong pamulutin mo ako, at papagtipunin sa likuran ng mga mangaani sa gitna ng mga bigkis. Sa gayo'y naparoon siya at nagpatuloy, sa makatuwid baga'y mula sa umaga hanggang ngayon, liban sa siya'y nagpahingang sangdali sa bahay.8 Nang magkagayo'y sinabi ni Booz kay Ruth, Di mo ba naririnig, anak ko? Huwag kang mamulot sa ibang bukid, o lumagpas man dito, kundi manahan ka ritong malapit sa piling ng aking mga alilang babae. 9Itanaw mo ang iyong mga mata sa bukid na kanilang inaanihan, at sumunod ka sa kanila; di ba ibinilin ko sa mga bataan na huwag ka nilang gagalawin? At pagka ikaw ay nauuhaw, pumaroon ka sa mga banga, at uminom ka sa inigib ng mga bataan. 10Nang magkagayo'y nagpatirapa siya at yumukod sa lupa, at nagsabi sa kaniya, Bakit ako nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin na nilingap mo ako, dangang ako'y taga ibang lupa? 11At si Booz ay sumagot at nagsabi sa kaniya, Ipinatalastas sa akin ang buong iyong ginawa sa iyong biyanan mula sa pagkamatay ng iyong asawa: at kung paanong iyong iniwan ang iyong ama at iyong ina, at ang lupang pinanganakan sa iyo, at ikaw ay naparito sa bayan na hindi mo nakilala nang una. 12Gantihin nawa ng Panginoon ang iyong gawa, at bigyan ka nawa ng lubos na ganting pala ng Panginoon, ng Dios ng Israel, sa ilalim ng mga pakpak niyaong iyong kakanlungan. 13Nang magkagayo'y kaniyang sinabi, Makasumpong nawa ako ng biyaya sa iyong paningin, panginoon ko; sapagka't ako'y iyong inaliw, at sapagka't may kagandahang loob na pinagsalitaan mo ang iyong lingkod, bagaman ako'y hindi gaya ng isa sa iyong mga alila.14 At sa pagkain ay sinabi ni Booz sa kaniya, Parito ka, at kumain ka ng tinapay, at basain mo ang iyong subo sa suka. At siya'y umupo sa siping ng mga mangaani: at iniabot niya sa kaniya, ang sinangag na trigo, at siya'y kumain, at nabusog, at lumabis. 15At nang siya'y tumindig upang mamulot, ay iniutos ni Booz sa kaniyang mga bataan, na sinasabi, Pamulutin ninyo siya hanggang sa gitna ng mga bigkis, at huwag ninyo siyang hiyain. 16At ihugot din ninyo siya ng ilan sa mga bigkis, at iwan ninyo at pamulutin niya, at huwag ninyong hiyain siya.17Sa gayo'y namulot siya sa bukid hanggang sa paglubog ng araw; at kaniyang hinampas yaong kaniyang napamulot, at may isang epa ng sebada. 18At kaniyang dinala at pumasok sa bayan: at nakita ng kaniyang biyanan ang kaniyang napamulot: at kaniyang inilabas at ibinigay sa kaniya ang lumabis sa kaniya pagkatapos na siya'y nabusog. 19At sinabi ng kaniyang biyanan sa kaniya, Saan ka namulot ngayon? at saan ka gumawa? Pagpalain nawa yaong lumingap sa iyo, At itinuro niya sa kaniyang biyanan kung kanino siya gumawa, at sinabi, Ang pangalan ng lalake na aking ginawan ngayon ay Booz. 20At sinabi ni Noemi sa kaniyang manugang: Pagpalain nawa siya ng Panginoon, na hindi ikinait ang kaniyang kagandahang loob sa mga buhay at sa mga patay. At sinabi ni Noemi sa kaniya, Ang lalaking yaon ay isa sa mga kamaganak na malapit natin, isang pinakamalapit na kamaganak natin. 21At sinabi ni Ruth na Moabita, Oo, sinabi niya sa akin, Ikaw ay sumunod na malapit sa aking mga bataan hanggang sa kanilang matapos ang aking ani. 22At sinabi ni Noemi kay Ruth na kaniyang manugang, Mabuti, anak ko, na ikaw ay lumabas na kasama ng kaniyang mga alila, at huwag kang masumpungan sa ibang bukid. 23Sa gayo'y nakipisang maliksi na kasiping ng mga alila ni Booz, upang mamulot hanggang sa katapusan ng pagaani ng sebada at pagaani ng trigo; at siya'y tumahang kasama ng kaniyang biyanan." (Ruth 2:1-23)***

***"1 At si Noemi ay may kamaganak ng kaniyang asawa, isang mayamang makapangyarihan, sa angkan ni Elimelech; at ang pangalan niya'y Booz." (Ruth 2:1)*** Sa pagkabanggit kay Boaz dito ay isang pag-asa para kay Noemi at kay Ruth. Sa ilang mga suliranin hindi natin alam kung paano lulutasin o hindi natin maisip kung paano ibabalik ng Diyos o kung paano sasagutin ng Diyos ang ating mga panalangin, ngunit ang panunumbalik ay magkakatotoo kapag ang bayan ng Diyos ay nagpasyang bumalik sa Diyos. Narito habang binabasa ang kasaysayan ni Noemi at Ruth na bumalik sa Bethlehem, hindi malalaman kung paanong sila'y nanumbalik o inaliw ng Panginoon, paanong sila'y nabigyan, o kung paanong ginawang possible ng Diyos na kanilang mga

sugat ay pinaghilom at bilang pamilya ay nawalan ng tatlong anak na lalake at kung paanong sila'y pinanumbalik.

*Ngunit mayroon laging pag-asa sa Diyos at liwanag sa katapusan ng lagusan, kapag ang mga tao ay bumalik sa Diyos.*

Ang unang hakbang ay bumalik sa Diyos at gagawa Siya ng paraan para sa iyo, aayusin ang iyong kasunduan at ang iyong buhay sa Kanya at gagawin Niya ang lahat para sa iyo.

Ang SALITANG Pagasa ay inulit sa Banal na Kasulatan, ibig sabihin nito na magtiwala sa Diyos na ibibigay Niya ang mabubuting bagay sa Kanyang bayan na naniniwala sa Kanya at inigay ang kanilang pagtitiwala sa Kanya at sumunuod sa Kanya. Mababasa natin ang ilan dito sa Kasulatang ito upang palakasin sa Kanyag biyaya at magkaroon ng pag-asa na sa huli'y tutulong sa atin na magpatuloy na manampalataya sa Kanya, na sumunod sa Kanya, at patuloy na magtiwala sa Kanya.

***"Kayo'y magsibalik, mga anak ko, magpatuloy kayo ng inyong lakad; sapagka't ako'y totoong matanda na upang magkaroon pa ng asawa. Kung aking sabihin, Ako'y may pagasa, kung ako'y magkaasawa man ngayong gabi, at ako'y magkakaanak man;" (Ruth 1:12)*** Si Noemi ay walang pag-asa nang siya ay nagpasyang bumalik, ngunit gaya nang siya ay nagsisi sa kanyang mga kasalanan, nais ngayon na gantimpalaan siya ng Diyos at papanirawain siya. At narito babasahin natin sa Banal na Kasulatan ang tungkol sa kanyang kamag-anak na nandoon sa Bethlehem mula sa pamilya ni Elimelech gaya ng ating babasahin dito, ***"1 At si Noemi ay may kamaganak ng kaniyang asawa, isang mayamang makapangyarihan, sa angkan ni Elimelech; at ang pangalan niya'y Booz." (Ruth 2:1)*** at sa tumulong sa kanila at ginamit ng Diyos upang panumbalikin sila. Sa tulong ng Diyos si Booz ay maaring tubusin ang lupain, maaring pakasalan si Ruth, maaring panumbalik ang angkan ng pamilya, ang kagalakan ni Noemi ay maaring manumbalik at muli ang mga bata ay pupuno sa kanyang bahay.

Ang Banal na Kasulatan ay puno ng mga halimbawa ng kung ano ang pag-asa para sa atin ngayon at gaano kahalaga ang kailangan natin upang isalapat ito sa ating buhay habang ating isinasabuhay ang ating buhay para sa Diyos.

***A. "1 Habang si Ezra nga ay dumadalangin, at nagpapahayag ng kasalanan na umiiyak at nagpapatirapa sa harap ng bahay ng Dios, nagpipisan sa kaniya mula sa Israel ang isang napakalaking kapisanan ng mga lalake at mga babae at mga bata: sapagka't ang bayan ay umiyak na mainam. 2 At si Sechanias na anak ni Jehiel, na isa sa mga anak ni Elam, ay sumagot at nagsabi kay Ezra: Kami ay nagsisalangsang laban sa ating Dios, at nangagasawa sa mga babaing taga ibang bayan ng lupain: gayon man, may pagasa sa Israel tungkol sa bagay na ito." (Ezra 10:1-2)*** Sa panahon ni Ezra nang ang kasalanan sa pag-aasawa sa hindi mananampalataya ay laganap sa bayan ng Diyos, kahit sa mga seserdote ay nasangkot sa ganoon, ito ay imposible na makakita ng paraan palabas sa ganoon, ngunit ang solusyon ng ganoong suliranin ay nasa kamay ng Diyos ng Israel na kayang gumawa ng mabuti at dakilang mga bagay. Kaya naman si Ezra ay lumapit sa Diyos sa pananalangin, pagaayuno, pagtatapat ng mga kasalanan, at paghingi ng tulong mula sa Diyos. Mayroon laging pag-asa kapag ang kalagayan ay naging mas kakila-kilabot, sapagkat ang Diyos sa tayo ay may pag-asa at maaring lumutas ng ganoong mga isyu at linisin ang Kanyang simbahan, ngunit kailangan nating lumapit sa pagsisisi, hinggin sa Kanya ang tulong at titiyakin Niya na gagawa ng daan para sa atin at tutulungan tayo.

Maraming pagkakataon kapag ako ay humaharap sa ilang mga sitwasyon na kailangan mabago o alisin ako ay nanalangin at hinggin sa Diyos *'Panginoon hanggang kailangan ito ay magpapatuloy',* at pagkatapos ng isang panahon aking tiningnan at binago ng Diyos ang sitwasyon.

Dapat nating panatihin ang ating pag-asa sa Diyos. Habang aking tinitingnan ngayon sa malaking bilang ng mga dios diosan, na kinasasangkutan ng mga tao at ng mga simbahan ng Diyos, mayroon pa ring pag-asa para sa kanila para maliwanagan at maging handa na umalis mula sa kanilang lahat at magsisi? Oo sa Diyos mayroong pag-asa. Ito ay mangyayari, at kailangan nating magtiwala sa Kanya.

***B. "15 Nguni't kaniyang inililigtas sa tabak ng kanilang bibig, sa makatuwid baga'y ang maralita sa kamay ng malakas. 16 Na anopa't ang dukha ay may pagasa, at ang kasamaan ay nagtitikom ng kaniyang bibig." (Job 5:15-16***) Sa aklat ng Job nakasaad na inilgtas ng Diyos ang mga dukha mula sa kamay ng mga taong may kapangyarihan. Iniligtas ng Diyos ang mahihina mula sa kamay ng mga may kapangyarihan. * Upang ang ating pag-asa ngayon, na mayroon tayo sa Diyos na nagligtas sa atin mula sa mga kamay ng mga masasama. Kapag tayo ay inaabuso at inaapi ng hindi makatarungan may pag-asa pa rin tayo sa Diyos na babaguhin NIya ang sitwasyon. * Maraming sitwasyon na maaring mong pagdaanan, hinaharap mo ang matitigas na mga tao, mas may kapangyarihan at mayroong maraming mga pinagkukunan kaysa sa iyo, ngunit dapat mong ilagay ang

iyong pagtitiwala sa Diyos na makakatulong sa iyo at magliligtas sa iyo mula sa kamay ng maykapangyarihan sapagkat ang pag-asa ng mga dukha ay nasa Diyos.

***C. "8 Aking inilagay na lagi ang Panginoon sa harap ko: sapagka't kung siya ay nasa aking kanan, hindi ako makikilos. 9Kaya't ang aking puso ay masaya, at ang aking kaluwalhatian ay nagagalak: ang akin namang katawan ay tatahang tiwasay." (Awit 16:8-9)*** Si David nang inilagay niya ang Panginoon sa harapan niya, ang Panginoon ay nasa kanyang kanang kamay at ibig sabihin niyaon ang Panginoon ay naririyan upang tulungan siya at suportahan siya at ibigay ang kanyang pangangailangan saanman iyon ay kinakailangan. At kaya naman siya ay desidido na huwag matakot at huwag kumilos o manghilakbot, kundi magalak at magsaya, nagtitiwala na ipapagtanggol siya ng Diyos, sa gayon siya ay nagpasyang magpahinga sa pag-asa.

***"8 Aking inilagay na lagi ang Panginoon sa harap ko: sapagka't kung siya ay nasa aking kanan, hindi ako makikilos." (Awit 16:8)*** Halimbawa kung iyong sasabihin '*Aking inilalagay ang aking katangian palagi sa harap ko', o 'aking inilalagay ang aking salapi sa harap ko', o 'Aking inilalagay ang aking mga talento sa harap ko'.* Sa gayon wala kang pag-asa sa Diyos at hindi mo matatanggap ang anumang tulong mula sa Panginoon. Ang pag-asa sa Diyos ang magbibigay sa atin ng kapahingan at kapayapaan. Lagi kong sinasabi mayroon akong isang kaibigan at iyon ay si Jesus, na tutulong sa akin saanmana ako pumunta; ihahanda niya ang mga tao, at mga kalagayan upang tulungan ako, saklolohan ako at lutasin ang aking mga suliranin.

***"8 Aking inilagay na lagi ang Panginoon sa harap ko: sapagka't kung siya ay nasa aking kanan, hindi ako makikilos.9 Kaya't ang aking puso ay masaya, at ang aking kaluwalhatian ay nagagalak: ang akin namang katawan ay tatahang tiwasay. 10 Sapagka't hindi mo iiwan ang aking kaluluwa sa Sheol; ni hindi mo man titiisin ang iyong banal ay makakita ng kabulukan." (Awit 16:8-10)*** Sa paghuhula, ang mensaheng ito ay sinasalita tungkol sa Messiah na ang Kanyang laman kahit pagkatapos ng kamatayan, ay mananahan sa pag-asa sa Diyos na hindi hahayaan ng Diyos na ang Kanyang katawan ay makitang nabubulok. ***"Dahil dito'y nagalak ang aking puso, at natuwa ang aking dila; Pati naman ang aking laman ay mananahan sa pagasa:" (Mga Gawa 2:26)*** Kahit para sa atin ngayon habang tayo'y nagtitiwala kay Cristo para sa ating kaligtasan natitiyak natin na pagkatapos ng kamatayan ang ating mga kaluluwa ay mapapasa Diyos at ating katawan ay mababago sa maluwalhating katawan kapag si Jesus ay dumating kung buhay pa tayo, at kung tayo ay patay na sa gayon ang ating mga katawan ay babangon mula sa mga patay at maluwalhating katawan upang makatagpo ang Panginoon.

***D.*** Paulit-ulit na pinatotohanan ni Pablo ang tungkol sa kanyang pag-asa kay Cristo na tatanggapin niya at dadanasin ang pagkabuhay nsa maguli mula sa kamatayan. Pinatotohanan ni Pablo sa mga Fariseo at sa mga Saduceo na umuusig sa kanya, ipinagtanggol ang kanyang sarili dahil sa kanyang pag-asa sa pagkabuhay na maguli mula sa kamatayan siya ay tinawag at sinisiyasat. ***"6 Datapuwa't nang matalastas ni Pablo na ang isang bahagi ay mga Saduceo at ang iba'y mga Fariseo, ay sumigaw siya sa Sanedrin, Mga kapatid na lalake, ako'y Fariseo, anak ng mga Fariseo: ako'y sinisiyasat tungkol sa pagasa at pagkabuhay na maguli ng mga patay." (Mga Gawa 23:6)*** Ang kanyang pananamplataya kay Cristo at ang kanyang pag-asa sa pagkabuhay na maguli ng mga namatay. Ang ating pananampalataya at paniniwala kay Cristo at pagsunod sa Kanya ay batay sa ating pag-asa sa Kanya na ang ating pananampalataya sa Kanya ay bubuhay sa atin mula sa kamatayan. Idinagdag din ni Pablo sa ibang okasyon sa pagtatanggol sa kanyang pananampalataya: ***"6 Datapuwa't nang matalastas ni Pablo na ang isang bahagi ay mga Saduceo at ang iba'y mga Fariseo, ay sumigaw siya sa Sanedrin, Mga kapatid na lalake, ako'y Fariseo, anak ng mga Fariseo: ako'y sinisiyasat tungkol sa pagasa at pagkabuhay na maguli ng mga patay." (Mga Gawa 23:6)*** Nagpapatotoo si Pablo tungkol sa kanyang pag-asa sa pagkabuhay na maguli ng matutuwid upang tanggapin ang gantimpala, at pagkabuhay ng masasama upang tanggapin ang paghatol, ***"Na may pagasa sa Dios, na siya rin namang hinihintay nila, na magkakaroon ng pagkabuhay na maguli ng mga ganap at gayon din ng mga di ganap." (Mga Gawa 24:15)*** Batay sa pagasa kay Cristo na mayroong pagkabuhay na maguli sa mga matutuwid na buhay na walang hanggan, pagkabuhay na maguli sa masasama sa walang hanggang kaguluhan, tayo'y nabubuhay ng ating buhay sa pagsunod kay Cristo at sa Kanyang Salita inaasam na mabuhay sa walang hanggan sa Kanya at hindi mahatulan sa impeirno.

***E.*** Tayo'y nabubuhay ng ating buhay sa lupa inaasam ang awa ng Diyos patungo sa atin na nangatatakot sa Kanya, ***"18 Narito, ang mata ng Panginoon ay nasa kanila na nangatatakot sa kaniya, sa kanila na nagsisiasa sa kaniyang kagandahang-loob;22 Sumaamin nawa ang iyong kagandahang-loob, Oh Panginoon, ayon sa aming pagasa sa iyo." (Awit 33:18,22)*** Ang ating pagasa sa Diyos, magawang matakot tayo sa Kanya na makakagawa sa atin para tanggapin ang Kanyang awa. Batay doon, ibinigay ng Diyos ang Kanyang Saita sa Kanyang bayan na kailangan nilang ituro sa kanilang mga anak, upang kanilang mailagak ang kanilang pag-asa sa Diyos, sa pagpapakita niyon sa pagsunod at hindi paglimot sa Kanyang Salita, ***"5 Sapagka't siya'y nagtatag ng patotoo sa Jacob, at nagtakda ng kautusan sa Israel, na kaniyang iniutos sa aming mga magulang, na kanilang ipabatid sa kanilang mga anak:6 Upang maalaman ng lahing darating, sa makatuwid baga'y ng mga anak na ipanganganak; na siyang magsisibangon, at mangagsasaysay sa kanilang mga anak:7 Upang kanilang mailagak ang kanilang pagasa sa Dios, at huwag kalimutan ang mga***

***gawa ng Dios, Kundi ingatan ang kaniyang mga utos:" (Awit 78:5-7)*** Kaya dito ang ating pagasa sa Diyos ay isinalin sa ating pagsunod sa Kanyang mga utos na kailangan nating basahin ang Kanyang Salita na nagtuturo sa atin na isabuhay ang ating buhay sa pagkatakot sa Panginoon.

Sa gayon kailangan natin magbasa ng Salita ng Diyos ng higit bilang laban sa lason, laban sa pagkabalisa, panlaban sa kalungkutan. Kailangan nating magbasa sa umaga, tanghali at sa gabi at patuloy na pagnilayan ang ating binasa, hindi sa TV, Facebook, U-tube, o sa mga balita, sapagkat sa ganoon ay sasalantain tayo.

Ang ating pagasa sa Diyos ay tiyak batay sa ating pag-asa at sa ating pananampalataya sa Kanyang Salita. Mula sa pagkatakot sa Diyos at ang ating pananabik para sa Kanyang kaligtasan, ay nagpapakita ng ating pag-asa sa Kanyang Salita. ***Awit 119*** ay isang mabuting halimbawa para doon upang ilagay ang ating pag-asa sa Salita ng Diyos sa Kanyang sinabi: ***"49 Iyong alalahanin ang salita sa iyong lingkod, na doo'y iyong pinaasa ako. 74 Silang nangatatakot sa iyo ay makikita ako, at matutuwa; sapagka't ako'y umasa sa iyong salita; 81 Pinanglulupaypayan ng aking kaluluwa ang iyong pagliligtas: nguni't umaasa ako sa iyong salita. 114 Ikaw ang kublihan kong dako at kalasag ko: ako'y umaasa sa iyong salita. 116 Alalayan mo ako ayon sa iyong salita, upang ako'y mabuhay; at huwag mo akong hiyain sa aking pagasa.147 Ako'y nagpauna sa bukang-liwayway ng umaga, at dumaing ako: ako'y umasa sa iyong mga salita. Ako'y umasa sa iyong pagliligtas, Oh Panginoon. At ginawa ko ang mga utos mo." (Awit 119:49, 74, 81, 114, 116, 147, 166)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Sa anumang kalagayan mo ngayon at anumang pakikibaka ang iyong pinagdaraanan, at anumang kapangyarihan ang laban sa iyo, ilagay ang iyong lubos na pagtitiwala at pananalig sa Panginoon. Magsisi sa lahat ng iyong mga kasalanan, lumapit ng ganap sa kanya, simulan ang iyong paglalakbay pabalik sa Diyos, ilagay ang iyong pagtitiwala kay Cristo at sa Kanyang makapangyarihang pagkabuhay na maguli at makikita mo ang liwanag at ang hulihan ng lagusan.

Huwag matakot at huwag manginig, ang Diyos ay sumasaiyo at gagabayan ka Niya mula sa iyong mga kaguluhan at uutusan ka niya baiting sa baitang kung ano ang kailangan mong gawin. Ang Panginoon ay patuloy kang poprotektahan at ibibigay ang para sa iyo at ibibigay ang iyong pabor, tagumpay, katiyakan sa daan, hanggang Siya ay pumarito upang kunin tayo kasama Niya sa Langit.

***Ang aking Panalangin:*** Amang Diyos, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa kaligtasan na mayroon ako kay Jesus. Panginoon ako'y nagpapasalamat para pagpapanumbalik ng aking pag-asa, ng aking pananampalataya at ng aking pananampalataya sa iyo sa pamamagitan ng iyong Salita na ipinadala mo sa mensaheng ito.

Panginoon ako'y nagsisisi mula sa mga sumusunod na mga kasalanan_____________. Panginoon aking tinatalikuran ang kamunduhan, pagkabalisa, takot, kawalan ng pananampalataya, paggawa ng sariling kagustuhan, pagkamakasarili, kawalan ng katapatan, pag-alis mula sa iyo, walang kagustuhang magdusa, pagkuha ng sarili kong desisyon at kawalan ng paglilingkod sa iyo at pagtakas sa aking mga pananagutan.

Panginoon aking itinatalaga ang aking sarili sa mga simulain na aking tinanggap mula sa iyong Salita. Panginoon ako ay bumabalik sa iyo, sa iyong salita, sa iyong kalooban, at sa plano na itinalaga mo para sa akin. Panginoon palawakin ang aking pananampalataya sa iyo at panumbalikin ang aking pag-asa sa iyong Salita at sa lahat ng iyong mga pangako. Panginoon bigyan mo ako ng higit ng bunga ng Banal na Espiritu na magkaroon ng katangian at ng pag-uugali ni Jesus sa aking buhay. Panginoon puspusin ako ng Banal na Espiritu na pumaroon at ipangaral ang iyong Salita at magebanghelyo sa bagong mga tao at para idisipolo sila.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalake at Babae na inagtalaga ng kanilang sarili sa simulain ng iyong mensaheng ito, na nagsisi at bumalik sa iyo. Panginoon panumbalikin sila sa mabuting plano na mayroon ka para sa kanila. Panginoon pagpalain sila, bigyan sila ng higit na biyaya, Panginoon aliwin sila, alalayan sila, alagaan sila at gantimpalaan sila sa tamang panahon.

Panginoon ako'y nanalangin na tutulungan mo kami bilang simbahan; Panginoon puspusing kaming muli ng Banal na Espiritu sa gayo'y kami'y makaparoon at magebanghelyo at gumawa ng bagong mga disipolo at buuin ang gawain na iyong itinalagang gawin para sa amin. Panginoon tuparin ang iyong pananaw sa simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad sa buong kalooban ng Diyos'. Panginoon tulungan kami na magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.